

DALAWANG GABI

Maynard Manansala

Mga Tauhan:

Ma'am Debbie - gurong nasa late 30s, cute na chubby, kuwela kahit nagdadrama

Lester - estudyanteng 20 y/o, katamtaman ang katawan at itsura, seryoso ang aura kahit nagpapatawa

Tagpuan at Panahon:

Sa faculty room. Kasalukuyan.

UNANG GABI.

Mangyayari ang dalawang magkahiwalay na gabi sa isang faculty room. Nakababa ang blinds. May bulletin board na natatakpan ng itim na tela. May body-length mirror sa isang tabi. May isang mesa. Nasa ibabaw ang ilang libro at papel, (o anumang bagay na magsasabing guro ang gumagamit nito.) Nasa ibabaw rin nito ang di-nakasinding kandila, Novellino red wine at dalawang plastic cup. Tutunog ang bell.

(Titingin si MA'AM DEBBIE sa relo, sa paligid. Lalapit siya sa switch ng ilaw, pipindot-pindutin ito. Medyo magiging dim.)

MA'AM DEBBIE: 'Yan! Para hotel ambience.

(Pipindutin pa ulit ang switch. Magpapatay-sindi ang ilaw, na parang nanganganib mapundi, hanggang sa bumalik sa normal na liwanag.)

Joke lang po Lord! Ang chaka, ang liwanag! Parang may show.

(Huhubarin ni MA'AM DEBBIE ang suot na uniporme o pormal na damit, at isasampay sa upuan. Gamit ang cellphone, patutugtugin niya ang "If I'm Not In Love" ni Faith Hill. Sandali niyang pagmamasdan ang katawan sa harap ng salamin. Ilalabas sa bag ang itim na dress. Isusuot ito. Sasabayan pa niya ang ilang linya ng kanta.)

Every time I think about you, baby, why else do I want you like I do...

(Mapagtatanto niyang masikip na ang itim na dress. At halos pabulong...)

Ay. Parang tumaba ako... Push!

(Uupo si MA'AM DEBBIE sa harap ng mesa. Gamit ang isang desk mirror, lalagyan niya ang mukha ng makeup. At parang pinalalakas ang loob...)

Adele...

(Sasampal-sampalin ang mukha.)

Is that you?

Maririnig ang tatlong katok. Papasok si LESTER, nakauniporme ng isang nursing student, may dalang paper bag na may lamang test paper. Ilalapag ito sa mesa.

LESTER: (*Titingnan nang kakaiba si MA'AM DEBBIE.*)
Anong meron?

MA'AM DEBBIE: (Magmamaang-maangan.)
Ha?

LESTER: O, ulol!

MA'AM DEBBIE: Ano, nagagandahan ka na naman sa 'kin?

LESTER: Saan ang ballroom?

MA'AM DEBBIE: 'Wag ka ngang panira!

(*Tatapusin ang paglalagay ng makeup.*)

Matatahimik. May binabasang mensahe si LESTER sa cellphone niya. Mabilis siyang pipindot ng sagot.

MA'AM DEBBIE: (*Ilalabas ang mga test paper sa paper bag.*) Uy, salamat.
Ilang sem mo na akong pinagtsetsek, Les.

Tatango lang si LESTER. Seryoso ang mukha.

MA'AM DEBBIE: May bumagsak ba?

LESTER: May bumabagsak ba sa 'yo?

MA'AM DEBBIE: Parang ang baba ng energy mo, Les. Kunsabagay, kahit naman dati ganyan ka na. Kahit nagjo-joke ka, para ka pa ring nagre-recitation. Pag nagagalit ka naman, para ka lang nag-opening prayer.

Pilit ang ngiti na mapapailing si LESTER.

MA'AM DEBBIE: Ito naman. Nagtatampo ka na ba, na lagi kitang pinagtsetsek?

(*Lalapitan si LESTER. Aabutin at titingnan ang kamay nito.*)

Kinalyo ka na naman.

Babawiin ni LESTER ang kamay.

MA'AM DEBBIE: Hayaan mo, malapit nang matapos ang kalbaryo mo. Hindi na magkakalyo 'yang daliri mo. Ang sabi ni Sir Bau, makakabili na raw ng Scantron ang pobreng college natin. Finally!

LESTER: Sus, wala 'yon.

MA'AM DEBBIE: Ang Scantron?

LESTER: Tange. Ang pagtse-tsek.

MA'AM DEBBIE: 'Yon naman pala. E, bakit ganyan ka? Natatae ka ba? Nando'n ang...

LESTER: Ang lakas mo ring mang-trip, 'no.

MA'AM DEBBIE: Kaya nga wiling-wili ka sa 'kin.

LESTER: Oo, ang lakas kasi ng topak mo.

MA'AM DEBBIE: *(Itatali ang buhok saka magpo-pose.)*
Wala kang naaalala?

LESTER: Cherry Pie Picache?

MA'AM DEBBIE: Gago! Adele 'yan!

LESTER: Remind lang kita ha, bata pa po 'yon.

MA'AM DEBBIE: Bakit, mukha na ba akong matanda?

LESTER: Bakit, maganda rin naman si Cherry Pie, a!

MA'AM DEBBIE: O, di sa bibig mo rin lumabas.

LESTER: Na?

MA'AM DEBBIE: Maganda ako.

*Titingnan ni LESTER ang dalawang magkalayong hintuturo, pagsasalubun-
gin pero hindi magtatagpo.*

MA'AM DEBBIE: *(Ngingiti.)*

Mamaya na tayo umuwi, a.

Kinakalikot muli ni LESTER ang cellphone niya.

MA'AM DEBBIE: Hoy, Les! Ano ba 'yan? Uyyy! May konsepto na siya ng textmate.

LESTER: Hindi, hindi. Wala.

MA'AM DEBBIE: Ang sabi ko, Mamaya na tayo umuwi.

LESTER: Tayo?

MA'AM DEBBIE: Oo! Di ba sabay tayo uuwi? Di ba, sabay tayo umuuwi?

Hindi makakasagot si LESTER.

MA'AM DEBBIE: So, totoong may problema, Les?

LESTER: (*Halos mabulol.*)

Wala naman. A... Ano lang...

MA'AM DEBBIE: Ano?

LESTER: Kailangan ko nang mauna.

MA'AM DEBBIE: Ay. Bakit? Nagpa-deliver nga ako ng pizza. 'Yong Hawaiian. 'Yong gusto mo.

Ilang sandaling magtitinginan sina MA'AM DEBBIE at LESTER. Uupo si MA'AM DEBBIE sa harap ng mesa. Bubuklatin ang mga test paper.

MA'AM DEBBIE: Bongga! Ang tataas. At highest si Marlon Baldomero. Complete package ang lolo. Cute na, matalino pa.

LESTER: (*Akma nang aalis, papunta sa pinto.*)

Mauna na 'ko, Ma'am Debs.

MA'AM DEBBIE: Nag-usap kami ni Inang nu'ng isang gabi, Les.

LESTER: (*Mapapaharap muli kay MA'AM DEBBIE.*)

Kumusta na si Inang?

MA'AM DEBBIE: Kinukumusta ka nga. Anyway, nag-usap nga kami. Ang sabi niya, hindi na raw ako bumabata. Bumibigat lang. Ilang taon na raw ako'ng nag-aalaga sa kanya. Biro ko nga, ang drama naman niya. Ilang taon na raw ang dumaan, 'yong mga estudyanteng tinuruan ko, nagsipag-abroad na, kung hindi nag-asawa. Ako, nandito pa rin. Single.

LESTER: Anong ginagawa ni Sir Sam sa computer lab.

MA'AM DEBBIE: (*Tatawa.*)

In fairness, Les, 'yan ang pinaka-effective mong joke. Anong pagkukuwentuhan namin ni Sam, storage capacity ng usb stick? Ano ang bonding namin, pagtutulungan naming i-troubleshoot ang computer?

LESTER: O di ba , astig. Bagay kaya kayo.

MA'AM DEBBIE: Tinanong ni Inang kung hindi na raw ba ako mag-aasawa. Kumbaga sa exam e, pass your papers na raw. Ang sabi ko, "Wala na Inang. Bokya na."

LESTER: Ang sabi mo dati, pag umabot ka ng kuwarenta, suko ka na.

MA'AM DEBBIE: Wala pa akong kuwarenta, Les.

LESTER: Wow...

MA'AM DEBBIE: Tinanong ni Inang kung ano raw ba kita?

LESTER: (*Parang medyo natensiyon.*)

A... Former student? Kaibigan?

MA'AM DEBBIE: Les, naman e. Matalino ka naman. Sa class dati, malakas lagi ang loob kong magtanong dahil kung walang makasagot, lagi kang magtataas ng kamay.

Mapapayuko si LESTER, parang estudyanteng sinesermunan ng guro.

MA'AM DEBBIE: Kailangan pa ba nating i-charades 'to?

(*Aarte na parang may pinahuhulaan.*)

LESTER: Ma'am Debs naman e.

MA'AM DEBBIE: (*Lalapit sa mesa.*)

Kaya nga tingnan mo, o. May kandila. Bumili pa ako ng red wine. Novellino nga lang.

LESTER: At plastic cups talaga?

MA'AM DEBBIE: Di ba ang romantic lang, Les?

LESTER: Oh, no!

MA'AM DEBBIE: Oh yes!

LESTER: 'Wag mo sabihing...

MA'AM DEBBIE: Sasabihin ko.

LESTER: This can't be.

MA'AM DEBBIE: 'Wag kang mag-Ingles, hindi ka artista.

LESTER: Hindi puwede.

MA'AM DEBBIE: So, mali pala ako? 'Yong hinahawi mo ang buhok ko pag napupunta sa mukha ko, ano pala 'yon?

LESTER: Siyempre magulo kaya inaayos.

MA'AM DEBBIE: E 'yong hindi mo inaalís ang braso mo pag sumasagi sa bubelya ko, pag nanonood tayo ng sine?

LESTER: Ikaw naman pala 'tong... Natural, masikip sa sine. Normal na magkabunguan ng katawan. Isipin mo na lang kung ilang libong tao ang nagkakahipuan sa MRT araw-araw. Ang hirit nga ng isang ale di ba, buntis na siya pagbaba niya.

MA'AM DEBBIE: E 'yong pagte-text natin araw-araw, 'yong pagtatawagan natin? 'Yong alam mo ang mga problema ko, alam ko ang mga problema mo, wala lang din?

LESTER: Ma'am Debs, ganyan ang kahit na sinong magkakaibigan.

MA'AM DEBBIE: Tinanong ni Inang kung boyfriend kita. Ang sabi ko, ayaw kong ako ang magsabi. Pero ang sabi ko, tuwing kinukuha mo ang mga test paper para ikaw ang magtsek, kinikilig ako. Pakiramdam ko, ayaw mong kalyuhin ang daliri ko. Di baleng daliri mo na ang magkakalyo. Pakiramdam ko, ma...

LESTER: Ma'am Debs, please. Kahit naman nu'ng estudyante mo pa 'ko, tsinetsekan ko na.

MA'AM DEBBIE: Pero hindi na kita estudyante.

LESTER: Mahalaga ka sa buhay ko Ma'am Debs... Ma'am Debbie. Nu'ng panahong nanliliit ako tuwing papasok sa classroom dahil pakiramdam ko hindi ko kakayanin, ikaw ang nagpapalakas ng loob ko. Nu'ng naging prof kita sa psych, inspired na inspired ako. Sabi ko, ang sarap palang mag-aral. You bring out the best in me, Ma'am Debs. Pero 'yong sinasabi mo...

MA'AM DEBBIE: Dahil ba mataba ako?

LESTER: Wala akong sinasabing ganyan. Alam mong umaatak tayo kung saan may unli rice.

MA'AM DEBBIE: Um-order na nga ako kay Ma'am Bañares ng slimming tea. Sexy na ako in one month.

LESTER: Wala kang kailangang gawin, Ma'am Debs. Delikado pa ang mga slimming tea na ganyan.

MA'AM DEBBIE: O sige. Nag-sign up na ako sa pa-zumba ng barangay namin. Gusto mo sabayan ko pa ng yoga.

LESTER: Gawin mo 'yan para sa kalusugan mo.

MA'AM DEBBIE: Dahil ba sa age gap natin? Hindi naman halata, a. Pareho naman ang mga pagkaing gusto natin. Pareho ang jokes na pinagtatawanan natin. Nasasakyan natin ang mga topak ng isa't isa.

LESTER: Ma'am Debs, Ma'am Debs, please...

MA'AM DEBBIE: Kasi naman, Les. Hindi mo ba nakikita? Wala ka ba talagang nararamdaman? Lahat ng natutuhan ko sa teaching strat at kung ano-ano pang strat, ibinuho ko na dito.

(Hihilahin ang telang nakatakip sa bulletin board. Mababasa ang: MAHAL KITA LESTER!!!)

LESTER: Sorry.

MA'AM DEBBIE: So all this time, nag-iilusyon lang pala ako. Na kahit ang tagal na rin nating ganito, si "Ma'am Debs" lang talaga ako. Personality development coach mo. Teacher, mentor, ano pa?

LESTER: Kami na ni Trisha.

MA'AM DEBBIE: *(Parang nabingi.)*

Ano?

LESTER: Kami na ni Trisha. Si Trisha, Trisha Catacutan.

MA'AM DEBBIE: *(May kaunting gigil.)*

Oo, kilala ko siya. Magkaklase kayo sa akin dati. Bakit Lester?

LESTER: Anong bakit, Ma'am Debs? Lalaki ako. Babae siya.

MA'AM DEBBIE: At ako ano?

LESTER: Babae rin. Babaeng teacher.

MA'AM DEBBIE: Di ba dati, pag nag-roll call ako, marinig mo lang ang apelyidong Catacutan, napapayuko ka na? Parang bahong-baho ka.

LESTER: E ano, hindi ko pala siya dapat katakutan. At mabango siya.

MA'AM DEBBIE: Saka natatandaan ko, ang sabi mo, nate-turn off ka sa Catacutan na 'yan. Kahit ang dali-dali ng exam, pasang-awa pa rin.

LESTER: Puwede ko naman siyang turuan. Nag-improve na siya. Tinulungan nga niya akong magtsek ng mga test paper mo.

MA'AM DEBBIE: Ano, pinag-tsek mo siya?

LESTER: Oo. Bakit?

MA'AM DEBBIE: Ay naku, ire-recheck ko nga. I'm sure maraming corrections.

LESTER: Sobra naman, Ma'am Debs.

MA'AM DEBBIE: (*Mapapatingin lang.*)

Kailan pa kayo?

LESTER: Monthsary namin bukas.

Sandali ng katahimikan. Magsisimulang ligpitin ni MA'AM DEBBIE ang kandila, bote ng Novellino at dalawang plastic cup. Isa-isa na rin niyang tatanggalin ang mga letrang MAHAL KITA LESTER sa bulletin board.

LESTER: Ma'am Debs... Sorry.

MA'AM DEBBIE: Ang unfair naman, Les. Ni hindi mo man lang sinabi. Kung hindi pa 'ko nagtapat ngayong gabi, baka nabalitaan ko na lang sa kung sino diyan ang tungkol sa inyo ni Trisha. Akala ko pa naman magkakampi tayo. Akala ko, kaya nating maging tapat sa isa't isa. Kahit pala sa bagay na 'yon...

LESTER: Sasabihin ko rin naman. Saka tingnan mo, tingnan mo ang reaksiyon mo.

MA'AM DEBBIE: Sige na, Lester. Ang sabi mo kanina, kailangan mo nang mauna.

LESTER: (*Bantulot sa pag-alis at pagsasalita.*)

Paano ka?

MA'AM DEBBIE: (Ngingiti.)

Ito naman, para kang tanga, parang hindi mo 'ko kilala. Ako pa! Sa ganda kong 'to! Sa suot kong 'to!

LESTER: Ma'am Debs naman e...

MA'AM DEBBIE: (Parang normal na lang. Parang nakabalik agad sa masiyahing disposisyon.)

May girlfriend ka na, huy! Dali na! Dali na! Happy monthsary! Best wishes! Sweet dreams! J-A-P-A-N! Just always pray at night! I-T-A-L-Y! I trust and love you! K-A-Z-A-K-H-S-T-A-N! Ay puta, ang hirap na.

LESTER: Nakakainis ka naman.

MA'AM DEBBIE: Dali na! Bago pa magbago ang isip mo.

Nakayukong lalabas ng faculty room si LESTER.

MA'AM DEBBIE: (Huhuni ng "If I'm Not In Love" ni Faith Hill. Dadamputin ang cellphone sa mesa. May tatawagan.)

Hello, yes. Wala pa 'yong pizza? Kanina pa 'yon, a. Nalipasan na 'ko ng gutom. Hindi, hindi. Alam mo, ate, i-cancel mo na. Paasa ka! Bye!

Mapapanood sa screen projector ang isang dokumentaryo. (Walang anumang musikang ilalapat dito.) Nasa ganitong ayos ang sequences:

- 1 - Mababasa ang: *TRISHA & LESTER A LOVE STORY.*
- 2 - Mula sa dulo ng isang madilim na pasilyo (sa eskuwelahan), makikita ang isang lalaking naglalakad, nakasuot ng uniporme ng nursing student. Si *LESTER.*
- 3 - Mula sa kabilang dulo ng madilim na pasilyo, makikita ang isang babaeng naglalakad, nakasuot ng uniporme ng nursing student. Si *TRISHA.*
- 4 - Magtatagpo sina *LESTER* at *TRISHA* sa gitna ng pasilyo. Maghahawak-kamay. Magliliwanag.
- 5 - Magbibigay ng testimonyo ang isang *BABAENG* nasa mid 50s. Nasa tabi siya ng isang photocopying machine. Habang nagsasalita ang babae, mababasa sa ibaba ng screen ang: *ATE UPENG* aka *MANANG XEROX.*

ATE UPENG: A... Siyempre haping-hapi ako. Madalas sa akin noon ‘yang si Lester. Lagi ‘yan, siya ang unang nagpapa-xerox pag may readings. Napakasipag na bata. Kaya lang mahiyain. ‘Yon bang palay na ang lumalapit e, siya pang umaayaw. Buti nga nakapag-asawa na.

6 - *Magbibigay ng testimonyo ang isang LALAKING mukhang kaedaran nina LESTER at TRISHA. Nasa loob siya ng isang laboratoryo. Habang nagsasalita ang lalaki, mababasa sa ibaba ng screen ang: MIKKO, DATING CLASSMATE.*

MIKKO: Ang tagal, pare. Halos pigain ko ‘yang lokong ‘yan para magkuwento. Ang sabi, dito daw sa lab nagsimula ang lahat. Sabi ko nga, “Talaga lang, a!” Nakabasag ng test tube si Trisha. Mangiyak-ngiyak. Ito namang si Lester, to the rescue. (*Mapapakamot ng ulo.*) Destiny na nga siguro. Kasi ang alam ko kay Lester, lagi ‘yang may kasama dati e...

7 - *Magbibigay ng testimonyo si TRISHA. Nakaupo siya sa isang bench ng school quadrangle, nakasuot pa rin ng uniporme ng nursing student.*

TRISHA: Actually, we’re classmates na since freshman days pa lang. At first, I didn’t think I’d like him. You know, mukha kasi siyang nerd. At least, dati. And he’d always hang out with this teacher. What’s her name again? The psych prof... (Biglang maaalala at halos maisigaw ang pangalan.) Ms. Debbie! Ma’am Debs!

Magkakaroon ng technical glitch, Mamamatay ang dokumentaryo.

PANGALAWANG GABI

Sa puntong ito, nakapagpalit na muli si MA’AM DEBBIE ng uniporme o mas pormal na damit; nagbalik na rin sa karaniwan ang makeup niya. Nakaupo siya sa mesa, nagtsetsek ng mga test paper.

Tutunog ang bell. May maririnig na tatlong katok. Papasok si LESTER, nakasuot ng stylish polo shirt.

LESTER: Excuse me, nandiyan po ba si Cherry Pie, este, si Adele?

MA'AM DEBBIE: (*Masosorpresa pero kontrolado.*)

Lester!

LESTER: Nagbakasakali lang akong dumaan e. Ang sabi sa baba, maaga ka na raw lagi umuuwi, Ma'am Debs.

MA'AM DEBBIE: (*Titingnan ang mesa, kasama ang tsinetsek na papel.*)

Hindi. Ang daming trabaho, o.

LESTER: E, Ma'am, baka hindi ka na talaga makapag-asawa niyan.

Titingnan lang ni MA'AM DEBBIE si LESTER. May sandali ng pagkaasiwa.

MA'AM DEBBIE: Anong meron? Nabisita ka...

LESTER: Ayaw mo yata akong makita.

Hindi kikibo si MA'AM DEBBIE, tuloy lang sa pagtse-tsek.

LESTER: Nag-request ng recommendation letter.

MA'AM DEBBIE: Para saan?

LESTER: Sa work. Sa call center.

Mapapatingin si MA'AM DEBBIE kay LESTER.

LESTER: Kinagat ko na rin, Ma'am, habang naghihintay sa mahabang pila ng aplikante sa ospital. Para makaipon din ng pang-training. Kung tutuusin, mas maganda pa nga ang kita. Napapraktis pa ang English ko.

(*Mapapansin ang tambak ng test paper sa mesa.*)

Akala ko, may Scantron na?

MA'AM DEBBIE: Meron. Pero hindi maasahan. Nu'ng una, ang instruction, dapat buong-buong ang pag-shade ng mga bilog sa answer key para basahin ng machine. Tapos, nagkaro'n ng issue. Pinapakita raw nitong si Sam ang answer key sa mga kaibigang estudyante. Hanggang isang beses, habang may ini-scan na answer sheets,

tumirik ang machine. Nang imbestigahan, second-hand pala ang binili.

LESTER: Kaya ba narinig ko rin sa baba, wala na raw dito si Sir Bau?

MA'AM DEBBIE: Oo. Ang dami na pala niyang kaso.

LESTER: Nakasalubong ko pala sa gate si Sir Palubs.

MA'AM DEBBIE: Binati mo ba? Birthday ng mokong na 'yon ngayon.

LESTER: Hindi. Okeylang. Ako nga, pangalan ko na lang na pagkasimple-simple, hindi pa niya maalala.

MA'AM DEBBIE: Hindi mo pa rin makalimutan 'yan.

LESTER: Lester na nga lang. Buti man lang sana kung ang pangalan ko, Nebuchadnezzar.

MA'AM DEBBIE: 'Yon na nga ang point, masyadong simple kaya hindi maalala.

LESTER: Isang beses, nagkasabay kami niyan sa jeep. Ang yabang ko pa, sabi ko, "Sir Palubs ako na 'to." Nilibre ko ng pamasaha si loko. Kuwentuhan kami nang kuwentuhan. Nakitsismis sa mga kaklase ko; kung sino raw ba ang syota ng babaeng malusog ang dibdib sa first row, kung tibak daw ba talaga 'yong kaklase kong parang hindi nagpapagupit. Basta ang dami. Tapos mayamaya ang tanong ba naman, "Saan ka bababa, Leslie?"

MA'AM DEBBIE: (*Medyo matatawa.*)

At least, tama ang first syllable.

LESTER: Kung sabagay. E si Ma'am Alma, nandito pa rin?

MA'AM DEBBIE: (*Mapapakunot ang noo ni MA'AM DEBBIE, saka maaalala kung sino ang tinutukoy ni LESTER.*)

A! Si Virginia Ajero!

LESTER: Oo, tama. Ang babaeng may koleksiyon ng Alma Moreno jokes. Pag ramdam niyang bored na ang klase sa lecture, lagi siyang may nakahandang Alma Moreno joke. Paborito ko 'yong umoorder daw si Alma ng Big Mac, e di ang tanong ng crew, "Ma'am, is it for dine-in or for take out?" Nagalit daw si Alma at ang sagot, "No! It's for Vandolph!"

Sabay na tatawa sina LESTER at MA'AM DEBBIE.

MA'AM DEBBIE: Ano ka, di ba nga kahit dito sa faculty room, binebenta niya ang jokes na 'yan? Kasama raw ni Alma ang isang kumare niya sa McDo. Si Alma lang ang kumakain. Big Mac. E, di siyempre nailang si Alma, kaya inalok ng Big Mac ang kasama. "Thanks, I'm a vegetarian," sagot daw nito. Nanlaki raw ang mata ni Alma at ang sabi, "Oh, I'm a Capricorn!" Anyway, hindi na affiliated dito si Ma'am Alma mo na 'yan. Wala raw career growth sa eskuwelahang ito.

LESTER: Mabuti na rin. Para mapakinabangan naman ng ibang estudyante ang Alma Moreno jokes niya.

(Mag-iisip na parang may inaalala pa.)

E si... Sino na nga ba 'yon? Si Ma'am Filipino?

MA'AM DEBBIE: Si Jelly Vinta.

LESTER: Oo, 'yon nga! Aliw na aliw ako sa class no'n dati e.

MA'AM DEBBIE: Talaga? Di ba ang boring ng taong 'yon? Basa lang nang basa. Ang best friend niya, libro.

LESTER: Hindi. Naaaliw ako kasi, kahit nagsasalita siya para siyang tumutula. Isang hapon ba naman, kakapasok lang niya sa classroom, ang banat, "Class napagmasdan n'yo na ba ang langit bago bumagsak ang ulan? Hindi ba, para siyang pisnging may pasa?"

MA'AM DEBBIE: *(Sa tonong nang-aasar.)*

How witty!

LESTER: Sira! Minsan, diniscuss sa klase ang "Veneration Without Understanding" ni Constantino. Ang sabi ni Ma'am Vinta, "Kung lilimiin natin ang sinasabi ni Constantino, hindi si Rizal ang kabuuan ng rebolusyon. Kumbaga sa isang polo, butones lang si Rizal. Hindi siya ang mismong polo." Sinusulat ko lagi sa notebook ang quotable quotes niya.

MA'AM DEBBIE: Ang tanda ko, 'yan 'yong notebook na hindi tayo umuwi hanggang hindi natin nahahanap, nu'ng nawala mo. Natakot ka sigurong mabuking lalo ng makapulot ang kawirdohan mo.

LESTER: Oo na! Sige na! Pero siyempre, walang tatalo sa aking Psychology professor. 'Yong kakambal ni Adele. The best kaya 'yon! Ang astig sa klase!

MA'AM DEBBIE: Tantaran mo 'ko, Lester Quizon.

LESTER: Wow, buong pangalan.

MA'AM DEBBIE: At least, hindi Leslie.

LESTER: (*Bubuwelo. Poporma.*)

Wala ka bang napapansin, Ma'am Debs?

MA'AM DEBBIE: (*Titingin. Sa tonong nang-iinis.*)

Wala naman masyado.

LESTER: (*Hihimasin ang polo.*)

Hindi nga?

MA'AM DEBBIE: A! 'Yan ba? Oo nga. Parang may iba sa porma.

LESTER: Ang guwapo ko, di ba?

MA'AM DEBBIE: Sa'n ang audition, kuya? Saan ka mag-eekstra?

Ngingiti lang si LESTER. May lungkot sa ngiti.

MA'AM DEBBIE: (*Titingin sa relo. Kay LESTER.*)

Hindi ka pa ba aalis? Gumagabi na.

LESTER: Sandali lang.

MA'AM DEBBIE: Bakit ka ba talaga nabisita?

Pupunta si LESTER sa mesa ni MA'AM DEBBIE, pakikialaman ang mga test paper.

LESTER: (*Itataas ang isang papel.*)

Ito ba ang answer key?

Tatango si MA'AM DEBBIE.

LESTER: Ang dami kong na-miss. 'Yong pagkain diyan sa caf na lasang rasyon sa mga pasyente. 'Yong pag-upo ko sa corridor habang hinihintay ang next class, 'yong wala akong pakialam kahit marumihan pa ang puting uniporme. 'Yong amoy ng talipapang nadadaan pagpasok at pag-uwi. Namiss...

(*Titingnan ang test paper na hawak-hawak.*)

MA'AM DEBBIE: Kumusta na ba, Les?

LESTER: Paanong kumusta?

MA'AM DEBBIE: Ikaw.

LESTER: Ang galing naman nitong tsine-tsek ko. Wala pang mali.

MA'AM DEBBIE: Napansin ko, kanina ka pa masalita. At alam ko tuwing kailan ka ganyan.

LESTER: Okey ako, Ma'am Debs. Masaya ako.

MA'AM DEBBIE: *(Lalapit sa mesa, kukunin ang bag at akma nang aalis.)*

Good. Mauna na ako, Les. Puwede namang tumambay ka lang muna dito.

Abot na sa may pinto si MA'AM DEBBIE.

LESTER: Ang hirap pala.

Hihinto si MA'AM DEBBIE, mapapaharap muli kay LESTER.

LESTER: 'Yon, may anak na kami ni Trisha, magdadalawang taon na.

MA'AM DEBBIE: That's great. Masaya nga. Kita mo ako, kinatandaan na ang pag-aalaga sa mga pamangkin. Nakakalibang din kasi. Lalo pa 'yan, anak mo talaga.

LESTER: Masaya, kasi madaldal na rin kahit utal-utal.

MA'AM DEBBIE: 'Yon naman pala.

May sandali ng katahimikan.

LESTER: Pero si Trish...

MA'AM DEBBIE: Ano si Trish?

LESTER: *(May pagbabantulot.)*

Hindi kami masaya. Hindi naman kami 'yong mag-asawang nagbabatuhan ng plato pag nag-aaway. Ang totoo nga, mabibilang ko sa limang daliri kung kailan kami nagkataasan ng boses. Pero alam ko, ramdam ko, hindi kami masaya.

MA'AM DEBBIE: Give it time, Les. Siguro, nag-a-adjust pa rin kayo sa isa't isa.

LESTER: Ewan ko, Ma'am Debs. Pag naglalakad kami sa mall, magkaiba ang mga bagay na tinitingnan namin.

MA'AM DEBBIE: Natural lang 'yon, lalaki ka, babae siya. Mas kabahan ka kung pareho.

LESTER: Hindi naman ‘yon e. Ako, masaya na ‘ko sa simple, sa mumurahin. Ang sosyal niya. Itong polong ‘to, pinilit niyang bilhin namin. Para fashionable naman daw akong tingnan.

MAAM DEBBIE: E sabi mo naman, ang guwapo mo sa polong ‘yan. Ang sabi mo.

LESTER: (*Iirap kay MAAM DEBBIE, bahagyang mapapangiti.*)

Pag nanood kami ng rom-com, excite na excite na ‘ko sa eksena, blangko lang siya.

MAAM DEBBIE: E kasi nga, pag ma-excite ka, hindi halata.

LESTER: Pag dinala naman niya ‘ko sa mga art film niya, wala pang sampung minuto, knockout na ‘ko. Ang bisang pampaantok talaga. Kahit siguro lumaklak pa ‘ko ng Cobra.

MAAM DEBBIE: Ang dami namang reklamo.

LESTER: Hindi pa ‘yan. Sa pagkain. Ang gusto ko, unlimited rice alam mo ‘yan; ang gusto niya puro salad. Putsa, siya yata ‘yong kaibigang vegetarian ni Alma Moreno sa joke ni Ma’am Ajero e.

MAAM DEBBIE: Ganito ‘yan, Les. Balikan mo ang mga dahilan kung bakit mo siya nagustuhan. Ang sabi mo dati, hindi mo pala siya dapat katakutan kahit Catacutan ang apelyido niya. Sabi mo, handa kang alalayan siya kung hindi man kayo magka-wavelength.

LESTER: Hindi pala gano’n kasimple. Isang beses nahuli niya akong tulala, ang lalim daw ng iniisip ko. Hanggang umabot sa nagtanong na siya, may problema raw ba?

MAAM DEBBIE: Anong sinabi mo?

LESTER: Ang sabi ko, wala. Anong sasabihin ko? Paano ko ba ipapaliwanag sa kaniya? Parang ‘yon bang may masakit sa ‘yo pero hindi mo maituro kung saan. Hindi mo ma-describe. Hindi naman dahil lang sa differences namin, pag nasa labas, pag nanood ng pelikula, pag kumakain. Kababawan lang ang mga ‘yon.

MAAM DEBBIE: Hindi ko na alam ang sasabihin ko Les.

LESTER: Basta, ang dami kong na-miss. Na-miss ko ‘to. ‘Yong pupunta ako dito tapos mag-uusap tayo. Na sa pag-uusap natin, umabot na sa alam na natin ang magiging reaksiyon ng isa’t isa. Alam

na alam na natin kung saan tayo parehong matatawa, mababad trip o matatameme. 'Yong kahit ulit-ulitin natin ang isang joke o kuwento, hindi pa rin nakakasawa.

MA'AM DEBBIE: (*Pipiliting magpatawa kahit o dahil nagsisimula nang mailang. Gagayahin si Kris Aquino.*)

Touched ako. I hate you na, Boy.

LESTER: Alam mo, Ma'am Debs, nu'ng hiningan ako ng recommendation letter sa trabaho, ikaw agad ang naisip kong lapitan. Pero naisip ko rin agad na 'wag na lang. Ano bang masasabi mo do'n? To whom it may concern, nakilala ko po si Lester Quizon nu'ng freshman pa lang siya, nu'ng anti-social pa siya. In-approach ko po siya. Kinaibigan. Hanggang sa unti-unti, natulungan ko siyang maniwala sa sarili niya, sa potentials niya. Hanggang sa lumabas na ang galing niya sa klase. Naging aktibo na rin sa college. Matulungin 'yan. 'Yan ang taga-tsek ko ng test paper. Mas magaling pa 'yan sa Scantron. Pero hanggang sa pagtsetsek lang ng test paper. Dahil sa iba pang bagay, pareho lang sila ng segunda-manong Scantron. Nakamarka na ang sagot, hindi pa rin mabasa. Tumitirik. Nang-iwan sa ere.

MA'AM DEBBIE: 'Wag na nating buksan, Les. Dalawang taon na rin ang nagdaan.

LESTER: Na-pressure ako, Ma'am Debs.

MA'AM DEBBIE: Tama na!

LESTER: Alam ko naman e. Nararamdaman ko naman. Pero iniwasan ko. Para akong estudyanteng takot na takot sa exam kahit memoryado ko ang sagot.

MA'AM DEBBIE: Ano ba!

LESTER: Natakot ako. Kaya binaling ko ang atensiyon ko kay Trisha, sa kagandahan niya. Patol kung patol ako sa mga kababawan. Pagyayabang ko sa sarili ko no'n, iisipin ng batch namin, ang astig ko pag naging girlfriend ko siya. Akala ko, pag naging kami, pag nakasal pa kami, makakalimutan kong...

MA'AM DEBBIE: Lester!!!

LESTER: ...Mahal kita... Sorry, Ma'am Debs.

MA'AM DEBBIE: 'Yan ka na naman. Si sorry. For once in your life, Les,

manindigan ka naman. Okey na 'ko. Akalain mo. Oo, nu'ng gabing 'yon, galit na galit ako. Sa 'yo, sa sarili ko. Galit ako kung bakit ako mataba, kung bakit 38 years old na 'ko. Galit ako kung bakit teacher ako at estudyante ka. At kung bakit sa dinami-dami ng lugar, dito pa tayo nagkakilala. Pero nagdaan ang gabing 'yon, ang maraming gabi, at nalaman kong wala akong pagsisisi. Wala akong pagsisisi sa ginawa ko at kung ano ang nangyari. Hindi man naging tayo, sapat na sigurong nasabi kong...

Lalapit si LESTER kay MA'AM DEBBIE at hahalikan ito sa labi.

LESTER: Mahal kita, Ma'am Debs... Mahal kita, Debbie.

Ilang sandali silang matitigilan.

MA'AM DEBBIE: *(Isusukbit ang bag sa balikat. Tatalikod kay LESTER.)*

Kailangan ko nang mauna.

(Sa gitna ng daan papuntang pinto, hihinto ng ilang sandali. Halatang naiiyak pero kontrolado ang sarili. Halatang gustong humarap muli kay LESTER. Halatang pinipigilang may lumabas na salita sa bibig.)

Ikakasal na nga pala ako, Lester. Sa isang buwan. Hindi na nga ako umaasa, e. Forty years old na rin kasi ako. Pero 'yon, dumating siya. Hindi ko nga lang siya napagtsetsek ng test paper. E ano na ba naman... Kung... Sige.

(Lalabas.)

May ilang sandaling mapapatingin si LESTER sa pinto. Mapapahakbang ang isang paa ngunit babawiin din agad. Pupunta siya sa mesa. Itutuloy ang pagtse-tsek ng test paper. Sisipol ng ilang linya mula sa "If I'm Not In Love" ni Faith Hill. Didilim.

- WAKAS -